



Republic of the Philippines
Department of Education
National Capital Region

SCHOOLS DIVISION OFFICE
CITY OF MUNTINLUPA

January 12, 2017

MEMORANDUM


DepEd - MUNTINLUPA	
RELEASED	<u> </u>
DATE	<u>1/12/17</u>

To: OIC - Asst. Schools Division Superintendent
Chief, CID/ SGOD
Education Program Supervisors/ Coordinators/ District Supervisors
Public Elementary and Secondary School Heads/ OICs
Administrative Officer
All Others Concerned

Mga Alituntunin para sa mga Nagmamaneho ng Service Vehicles

Attached is the letter from the Office of the City Administrator, Engr. Allan A. Cachuela, dated January 10, 2017 regarding the **"Mga Alituntunin para sa mga Nagmamaneho ng Service Vehicles"** for information and guidance.

Immediate and wide dissemination of this Memorandum is desired.


MAURO C. DE GULAN, Ed. D.
Schools Division Superintendent





Republika ng Pilipinas
Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa
Kalakhang Maynila



OFFICE OF THE CITY ADMINISTRATOR

Palibot Liham

Para sa : Lahat ng Pinuno ng Departamento at Tanggapan ng Pamahalaang Lungsod

Mula sa : Tagapangasiwang Panlungsod

Petsa : Ika-10 ng Enero 2017

DIVISION OF CITY SCHOOLS
RECEIVED
DATE 1/10/17
TIME 10:18 AM
CITY OF MUNTINLUPA

Paksa : Mga Alituntunin para sa mga Nagmamaneho ng Service Vehicles

Mainam na paalalahanan ang lahat sa kahalagahan ng pag-iingat ng mga mahahalagang kagamitan at sasakyang ipinagkakaloob ng Pamahalaang Lungsod sa bawat departamento at tanggapan.

Para sa inyong kabatiran, ang ilang mga hakbang upang mapahaba ang panahong maaaring mapakinabangan ang mga service vehicles ng Pamahalaang Lungsod ay nakapaloob sa liham na nilagdaan ni G. Roberto C. Loreda, Sr., Punong Mekaniko, at pinagtibay ni G. Efren A. Villanueva, Pinuno ng Motorpool Section, at may petsang ika-05 ng Enero 2017.

Inaatasan ang Motorpool Section at lahat ng mga pinuno ng tanggapan, lalo na ang mga naitalagang drivers, na maging masigasig sa pangangalaga ng mga service vehicles at tawagin ang pansin ng mga hindi sumusunod sa mga alituntuning isinaad.

Para sa inyong pagsusuri, kalakip nito ang sipi ng naturang liham.

Inhr. ALLAN A. CACHUELA

siipi : Mgl. Jaime R. Fresnedi,
Punong Lungsod
Efren A. Villanueva,
Motorpool Section



Republic of the Philippines
 City Government of Muntinlupa
CITY OF MUNTINLUPA
 Pacwood Compound, Brgy. Tunasan Muntinlupa City



Ref: JLV/JLV/61

5 Enero 2017

OFFICE OF THE CITY ADMINISTRATOR	
RECEIVED	
NAME:	DOODS TORRES
TIME:	10:27
DATE:	JAN 06 2017

Inhr. Allan A. Cachuela
 Tagapangasiwang Panglungsod
 Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa

Mahal na Inhr Cachuela,

Pagbatil

Bawat araw ay iba't ibang sasakyan ng ating pamahalaang lungsod ang nagtutungo sa aming tanggapan upang maipasuri at maipasaayos, kasabay nito ay ang patuloy po na pag-oobserba ng aming tanggapan sa lahat ng mga drayber, kinikilatis ang bawat sira ng sasakyan kung ito ay kapabayaang ng drayber o dahil sa katagalan na ng pagseserbisyo.

Kaugnay nito ay makailang beses na kaming nakapagbigay ng report patungkol sa mga tila napabayaang at hindi nabigyang malasakit na sasakyan ng ating pamahalaang lungsod na ang iba ay nag-resulta pa sa tuluyang pagkasira.

Sa kabilang dako, nilalayan ng aming tanggapan na mapahaba pa ang mga taon na maaaring magamit ang mga sasakyan at ilan lamang sa aming naisip na paraan upang ito ay maisakatuparan ay;

1. Ang bawat bagong kawani na matatanggap bilang drayber ay magkaroon ng kaunting aktwal na pagsusulit mula sa aming tanggapan upang alamin ang kanyang kabihasaan sa pagmamaneho at mabigyan ng karagdagang kaalaman sa basic troubleshooting.
2. Iwasan ang paggawing praktisan ang bawat sasakyan ng mga nag-aaral palamang magmamaneho
3. Iwasan ang pagbili ng piyesa na mumurahin o mababa ang kalidad sapagkat ang mga ito ay hindi rin tumatagal.

All depart ments

Ang mga nabanggit na pamamaraan ay hindi lamang para pahabain ang serbisyo ng bawat sasakyan, ito rin po ay upang makatipid ang ating pamahalaan sa gastusin sa pagpapagawa ng mga sasakyang nagbibigay serbisyo sa ating mamamayan.

Kami po ay umaasa sa inyong positibong pagtugon.

Maraming salamat po.

Lubos na sumasainyo,

ROBERTO C. LOREDO SR.
 Punong Mekaniko

Binigyang pansin,

EFREN A. VILLANUEVA
 Pinuno ng Tanggapan